Hospital Presumptive Eligibility

Libreng pansamantalang coverage sa kalusugan ng Medi-Cal

Medi-Cal

Ang coverage ni (Name) _____ sa pamamagitan ng Hospital Presumptive Eligibility (HPE) ay pansamantala. Ito ay titigil sa katapusan ng _____ (Month/Year).

Mag-apply para sa Medi-Cal upang patuloy na makakuha ng coverage sa kalusugan.

Anong mga serbisyong pangkalusugan ang maaari mong makuha sa pansamantalang Medi-Cal?

- Pangangalaga sa ngipin (mga pagsusuri, x-ray, paglilinis at filling)
- Mga Pagbisita sa Doktor
- Mga inireresetang gamot
- Pangangalaga sa kalusugan sa pag-iisip
- Pangangalaga sa paningin (salamin sa mata)
- Mga serbisyo sa ospital
- Mga x-ray at pagsusuri sa laboratoryo
- May espesyalidad na pangangalaga

Kung kwalipikado ka para sa HPE bilang isang nagbubuntis, magiging karapat-dapat ka **lamang** para sa mga pagbisita sa doktor, pagsusuri, gawain sa laboratoryo, at pangangalaga na may kaugnayan sa iyong pagbubuntis. Mag-apply para sa Medi-Cal upang makakuha ng buong coverage.

Paano mo magagamit ang coverage na ito pagkatapos ng araw na ito?

Magpa-appointment para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Dalhin sa anumang appointment:

- Ang pansamantalang card na nakuha mo ngayon, **o**
- Ang plastik na BIC card na natatanggap mo sa koreo.

Paano mo mapapanatili ang iyong coverage sa kalusugan?

Mag-apply para sa coverage para sa kalusugan ngayon! Upang mag-apply, pumunta sa CoveredCA.com o BenefitsCal.com.

MAHALAGA

Hindi isinasaalang-alang ng US Department of Homeland Security at US Citizenship and Immigration Services ang pagtanggap ng mga benepisyong pangkalusugan, sa pagkain, at sa pabahay bilang bahagi ng pagpapasya bilang sagutin ng pamahalaan. Ang paggamit ng mga benepisyo ng Medi-Cal, maliban sa pangangalaga sa residensyal na nursing home o institusyon para sa kalusugan ng pag-iisip, ay hindi makakasama sa katayuang pang-imigrasyon ng isang tao.

Mag-apply para sa coverage para sa kalusugan ngayon!

Kumuha ng LIBRENG tulong para makumpleto ang aplikasyon para sa Medi-Cal at Covered California.

Para sa coverage para sa kalusugan lamang, pumunta sa **CoveredCA.com**.

Para sa coverage para sa kalusugan at iba pang mga serbisyo, pumunta sa **BenefitsCal.com**.

Tumawag sa Covered California sa **(800) 300-1506 (TTY: (888) 889-4500)**

Makakatulong ang insurance na pangkalusugan sa pagbabayad para sa pangangalagang kailangan mo at sa pangangalagang kailangan mo upang manatiling malusog.